THE FILIPINO-CANADIAN NEWS AND INFORMATION www.talibaFlipzMedia.com

TALIBA

#505 DECEMBER 01-15, 2023 FlipzMedia PUBLISHED IN TORONTO, ONTARIO

# Bakit nga ba mahaba ang pagdiriwang ng Pasko sa Pilipinas?



**MANILA** - ***Ang Pilipinas bilang isa sa mga bansang may pinakamahabang pagdiriwang ng Pasko.***

Pagpasok pa lang ng Setyembre, abala na ang karamihan sa mga Pilipino sa pamimili ng mga pang-regalo sa kanilang mga kaanak at kaibigan, at sa pagdalo sa kabi-kabilang handaan.

Ayon kay Jimmuel Naval, propesor ng Philippine Studies at pop culture expert mula sa Unibersidad ng Pilipinas-Diliman, naging tradisyon na ang mahabang paghahanda at pagdiriwang ng Pasko dahil sa mga benepisyong nakukuha ng mga Pilipino dito.

"Tradisyon na yan kasi ang dami nating nakukuha sa Pasko. Madami tayong gustong mangyari pag Pasko kaya inaabangan natin ito," ani Naval sa isang pahayag sa DZMM.

Paliwanag ni Naval, sinasamantala ng karamihan ng Pilipino ang paghahanda sa Pasko para magbigay ng mga promo upang palakasin ang kanilang mga negosyo.

Nakatutulong diumano ito sa mga mahihirap na nagnanais makamura ng bilihin.

"Ang mga tao mababait pag Pasko...hindi yan ginagawa pag Enero, pag Abril o Marso," aniya.

"May magbibigay so natutuwa yung mga walang trabaho at kapos sa buhay kaya inaabangan," dagdag pa ni Naval.

Bukod sa kabi-kabilang pamilihan, nakagawian na rin ng mga Pilipinong nasa ibang bansa na umuwi upang makasama ang kanilang mga pamilya tuwing Pasko.

"Kumbaga once a year yun. Hinihintay natin yun (Pasko) kasi after nun maghihiwa-hiwalay na naman," ani Naval.

Binigyang diin ni Naval ang pagiging masiyahin ng mga Pilipino sa kabila ng mga problemang dinaranas ng bansa tulad ng mga pandemic, bagyo at iba pang kalamidad.

"Ang Pasko ay isang pangsalba natin... Ito yung tumutubos dun sa lahat ng kahirapan, problema ng buhay na dumarating... Yung sa kabila nito pagdating ng Pasko okay na tayo. May biyayang darating, may gras- yang darating, laging ganoon," aniya. ***ABS-CBN***




TalibaFlipzMedia

**Photography Services**

*Professional Product Photography – Food, Jewelry or just pictures of your store.*

**We can take pictures of your product for printed catalogs or for online store.**

**Each photo will be in pure white background and edited in photoshop.**

- 100+ photos $20 per photo *(with free Taliba 1/4 B&W Ads one time issue)*
- 50-90 photos $25 per photo
- 20-49 photos $30 per photo
- 10-19 photos $35 per photo
- 5-9 photos $40 per photo
- 2-4 photos $45 per photo



**Photo Specifications**

- High resolution Jpeg Image
- Photo editing to remove dust and minor defects
- Royalty-free unlimited use license

For inquiry, call Tel. 416-989-7336 / 647-287-1870 ★ Email: advertise@flipzmedia.com

# GET OUT OF DEBT
# WITHOUT BANKRUPTCY

Deal directly with the **Licensed Debt Professionals™**
at **David Sklar & Associates**

We are licensed by the **Canadian government** to file and administer programs that can relieve your serious debt problem and give you a **'fresh start'**



- Get Out of Debt
- Stop Collection Calls
- Stop Interest Charges
- One Low Monthly Payment
- Without Bankruptcy
- Without Loans

**Cori Naron,**
Certified Insolvency Counsellor (BIA),
Estate Administrator

**For Your Free Consultation**
**Call (416) 498-9200 ext. 236**

**DAVID SKLAR & ASSOCIATES INC.**
Licensed Proposal Administrators & Licensed Insolvency Trustee

HEAD OFFICE: 245 FAIRVIEW MALL DRIVE, SUITE 720, TORONTO, ONTARIO, M2J 4T1
NORTH YORK ▪ TORONTO ▪ PICKERING / AJAX ▪ MISSISSAUGA / ETOBICOKE ▪ BRAMPTON

# Pamasahe sa TTC tumaas ng 10 sentimo



Ang pag-ikot sa siyudad ng Toronto gamit ang pampublikong transportasyon ay magiging mas mahal habang ang Toronto Transit Commission (TTC) dahil sa pagtaas ng pamasahe.

Ang pagtaas ng sa halagang $3.35, bilang parte ng $2.4 bilyon na budget ng Toronto Transit CommissionTTC aprubado ng city council ngayong taon.

Ang pagtaas ay dumating matapos ang service adjustments sa sistema ng transit kamakailan sa humigit-kumulang 40 bus, streetcar at subway routes — na naging epektibo noong Marso.

Dagdag pa sa fair hike, ang eligibility para sa Fair Pass Transit Discount program ay pinalawak sa ekstrang 50,000 katao. Gayunpaman, ang pamasahe, ay mananatiling frozen para sa monthly pass users at seniors.

Sinabi dati ng executive director ng public transit advocacy group na TTCriders sa CBC Toronto na ang pagtaas ng pamasahe ay "hindi katanggap-tanggap.

Karamihan sa mga gumagamit ng pampublikong transportasyon ay mga taong mababa ang sahod, shift workers, mga kababaihan, mga racialized people, at sila ay hinihiling na magbayad ng higit pa, ani Shelagh Pizey-Allen nang inanunsyo ang hikes.

Noong Marso, inanunsyo ng probinsya ng Ontario na tatanggalin nito ang pamasahe para sa mga biyahe na konektado sa GO Transit sa karamihan ng mga lokal na serbisyo. Habang ang polisiya ay ipinatupad na noong Marso 14 sa ilang siyudad sa Greater Toronto at Hamilton Area kabilang ang Brampton, Mississaugua at Hamilton, hindi ito nag-a-apply sa Toronto Transit CommissionTTC sa Toronto.

Tayo ay nagtatrabaho nang husto upang maging mas abot-kaya ang pamumuhay ng mga tao sa Ontario, at iyon ang dahilan kung bakit inanunsyo natin sa 2023 Budget ang pagpapalawak ng eliminasyon ng dobleng pamasahe para sa local transit service kapag gumagamit ng GO Transit para isama ang Toronto Transit CommissionTTC, ani Stan Cho, ang associate minister of transportation.

Habang malapit nang ipatupad kumpirmahin na ang inisyatiba ay ganap na popondohan ng probinsya at ilulunsad sa pagtatapos ng taon, na gagawing mas mura ang transportasyon para sa mga namamasahe sa Ontario.. ***RCI***

# Dayuhang mga bansa tina-target ang Canadians sa pamamagitan ng social media

Ginagamit ng dayuhang threat actors at dayuhang terrorist groups ang social media feeds ng Canadians para i-profile ang mga indibidwal at i-magnify ang misinformation, babala ng mga opisyal mula sa spy agency ng Canada sa mga miyembro ng Parlamento.

Ang pakikialam ng mga dayuhan ay hindi lang nangyayari kapag may eleksyon, ani Henderson sa mga miyembro ng komite ng House of Commons ukol sa access sa impormasyon, privacy at etika.

Ang panghihimasok ng mga dayuhan ay nangyayari sa lahat ng oras, araw-araw.

Sinabi ni Henderson na siya ay lubos na nababahala tungkol sa banta ng mga dayuhang teroristang organisasyon na naglalayong akitin ang mga batang Canadian na makiisa sa kanilang ipinaglalaban.

Habang humarap ang mga opisyal kamakailan mula sa Canadian Security Intelligence ServiceCSIS at Canadian Centre for Cyber Security ng Communications Security Establishment (CSE) sa komite, ang pokus ay nasa lahat ng posibleng banta na dulot ng lahat ng platform sa social media.

Ayon sa awtoridad, ang foreign threat actors ay gumagamit ng iba't-ibang tools at kaya nitong kayurin ang social media accounts.

Mas maraming Canadians na nagbabahagi online tungkol sa kanilang buhay ang mas mahusay na mata-target ng mga aktor na ito at maiimpluwensyahan.

Ang threat actors, kasama ang Russian Federation at ang People's Republic of ChinaPRC (Tsina), ay ine-exploit ang media para magkalat ng maling impormasyon, ginagamit ang suggestive algorithms para palakasin ang echo chambers at manipulahin ang content para sa unsuspecting viewers, ani Henderson sa mga MP.

Bukod sa Tsina at Russia, ang Iran at North Korea ay nangunguna rin sa listahan ng countries of concern," aniya. ***RCI***


**APPLY TODAY - WORK TOMORROW!**

We currently have openings for:
GENERAL LABOUR
PACKAGERS
ORDER PICKERS / PACKERS
MATERIAL HANDLERS
SHIPPER / RECEIVERS
CERTIFIED FORKLIFT OPERATORS




EXTRA PERSONNEL
Kipling at Taber
Between Wendys and Daisy Mart
2140 Kipling Avenue Unit 5
Toronto, ONT M9W 4K5.

7:00 a.m.-4:00 p.m.
Call our Filipino Recruiter
Alvin Rota
416-740-3959



We offer the best pay rates in the industry, long and short-term assignments, tremendous full-time employment possibilities and access to some of Canada's top employers.

Applicants must have a great work ethic, a good command of the English language and safety shoes.

EXTRA
INDUSTRIAL PERSONNEL INC.
www.extraindustrialpersonnel.com

# May Pag-asa Pa Ba ang Planeta Natin? — Mga Dahilan Para Umasa

***Hindi mo kailangang maging scientist para malaman na malala na ang kalagayan ng planeta natin. Nauubos na ang sariwang tubig, dumurumi na ang karagatan, nasisira na ang kagubatan, at tumitindi na ang polusyon sa hangin. May pag-asa pa ba ang planeta natin? Alamin kung bakit makakapagtiwala kang mananatili ang lupa.***



## Ipinangako ng Diyos na Mananatili ang Planeta Natin

"Mas matibay ang Lupa kaysa sa inaakala natin."

Iyan ang nasabi ng isang grupo ng mga researcher mula sa iba't ibang bansa tungkol sa climate change. Kung naniniwala kang may isang Maylalang na nagmamalasakit sa mga tao, baka maalala mo sa sinabi nila ang maraming likas na proseso na inilagay ng Diyos sa planeta natin para maka-recover ito.

Pero dahil sobra nang nasira ng tao ang lupa, higit pa sa likas na mga proseso ang kailangan para maka-recover ang planeta natin. Bakit makakapagtiwala tayo na kikilos ang Diyos?

Tinitiyak ng mga teksto sa kahon na mananatili ang lupa at magiging mas maganda pa ang kalagayan nito.

- Nilalang ng Diyos ang planeta natin. "Nang pasimula ay nilalang ng Diyos ang langit at ang lupa."—Genesis 1:1
- Ang Diyos ang may-ari ng planeta natin. "Kay Jehova a ang lupa at ang lahat ng narito."—Awit 24:1
- Dinisenyo ng Diyos ang planeta natin para manatili. "Itinayo niya ang lupa sa matatag na pundasyon; hindi ito magagalaw sa lugar nito magpakailanman."—Awit 104:5
- Ipinangako ng Diyos na mananatili magpakailanman ang buhay sa planeta natin. "Ang tunay na Diyos, ang gumawa sa lupa, . . . na hindi lumalang nito nang walang dahilan, kundi lumikha nito para tirhan."—Isaias 45:18
- Ipinangako ng Diyos na mabubuhay magpakailanman ang mga tao sa planeta natin. "Ang mga matuwid ang magmamay-ari ng lupa, at titira sila roon magpakailanman."—Awit 37:29

Dinisenyo ng Diyos ang lupa na may mga likas na proseso para manatili ito, kung hindi ito aabusuhin ng mga tao. Inihula ng Bibliya na sa takdang panahon ng Diyos na Jehova, aalisin niya ang mga nang-aabuso at sumisira sa planeta natin.—Apocalipsis 11:18

Ipinangako ng Bibliya na gagawin ng Diyos na isang magandang paraiso ang planeta natin at bubuksan niya ang kaniyang kamay at "[ibibigay] ang inaasam ng bawat bagay na may buhay."—Awit 145:16

ads@ TALIBA
it works!
www.talibaNews.com
647-287-1870
Email: talibalita@rogers.com

"The Travel partner You Can Trust!" tico.ca
Polaris Travel & Tours
Polaris Travel & Tours
Contact us for LOW AIRFARES to the Philippines!
polaristravel.eng
polaris_travel
T. 416.224.9919 TOLL FREE 1.800.680.3849



Conveniently Located in Centerpoint Mall
6322 Yonge Street, Unit 124, Toronto, Ontario M2M 3X4
Main Intersection: Yonge & Steeles

Very Clean COIN LAUNDRY
&....DRY CLEAN DEPOT
(Near Bellamy Rd & Lawrence Ave E....find us in Google!)



Dry Clean – Low Prices, Fresh & Clean
· Skirts, Pants, Blouses
· Men Shirts
· Suits 2 pcs
COIN LAUNDRY
. Large Laundry Folding Tables on premises
. Free WiFi & Change Machines on premises
OPEN DAILY TILL 11.00 pm
Avoid the Rush...come during weekdays!
Site: 416-289-7514
Cedargreen Coin Laundry




3340 Lawrence Ave East, Unit 5, Scarborough, ON M1H 1A7

# Nanay sa India, kinilala bilang babaeng may pinakamaraming ngipin sa mundo



Kinilala ng Guinness World Records (GWR) ang isang nanay mula sa India dahil sa dami ng kaniyang mga ngipin.

Sa ulat ng GWR, mayroong 38 na ngipin ang 26-year-old Indian mother na si Kalpana Balan, dahil kung bakit siya ang kinilala bilang bagong record holder para sa "most teeth in a person's mouth (female)."

Ang bilang umano ng ngipin ni Kalpana ay anim na beses na mas marami kaysa sa bilang ng ngipin ng mga pangkaraniwang indibidwal.

"[She] has four extra mandibular (lower jaw) teeth and two extra maxillary (upper jaw) teeth," anang GWR.

Nagsimula umano ang "supernumerary teeth" ni Kalpana sa kaniyang pagkadalaga.

Bagama't hindi naman umano ito masakit, nagiging sagabal daw ang marami niyang ngipin sa kaniyang pagkain.

"Her parents were 'shocked' when they first saw her extra teeth coming through and told her to get them taken out. However, Kalpana's dentist suggested she wait until the teeth grow out more because they could not be easily removed," kuwento ng GWR.

Mula noon, hindi na nakapagpatanggal ng extra na ngipin si Kalpana kahit tumanda na siya dahil natatakot siya sa procedure nito.

Bukod dito, mas napag-isip-isip daw niya na tama ang kaniyang naging desisyon nang gawaran siya ng GWR ng world record title dahil sa kaniyang mga ngipin.

"And Kalpana could be able extend her record in the future, as she has two more teeth which haven't come through yet," saad pa ng GWR.

Samantala, ang medical term umano ng pagkakaroon ng sobrang mga ngipin, tulad ng nangyari kay Kalpana, ay " hyperdontia" o "polydontia."

Nasa 3.8% daw ng populasyon sa mundo ang mayroong isa o higit pang supernumerary teeth.

"Hyperdontia is the result of a malfunction in the tooth formation process, although its exact cause is unknown," saad ng GWR.

"It is thought that supernumerary teeth develop from an extra tooth bud arising near a regular tooth bud, or possibly from the splitting of a regular tooth bud. It also appears to be associated with several hereditary conditions, including Gardner syndrome, Fabry disease, cleidocranial dysostosis, and cleft lip," dagdag pa nito.

Inihayag din naman ng GWR na ang male record holder para sa pinakamaraming ngipin sa mundo ay si Evano Mellone mula sa Canada na mayroong 41 na mga ngipin. ***eBALITA***

# Ilang tindahan sa Canada tatanggalin ang mga self-checkout




***Sinimulan na ito sa ilang Canadian Tire at Walmart stores***

*Tatanggalin ng ilang tindahan sa Canada ang kanilang self-checkout machines. Ang ilang big box stores sa Canada tatanggalin ang mga self-checkout machine, anila hindi ito ang tamang fit para sa kanilang staff o mga kostumer. Sinabi ng mga kompanya na ang pagnanakaw at technical issues ay sanhi ng mga problema sa automated lanes.* ***CRI***



# Prison Dancer: Unang all-Filipino musical production sa Canada

*Nais nina Romeo Candido at Carmen De Jesus na 'ibalik ang humanity' ng Cebu Dancing Inmates sa **Prison Dancer***

**Ang isang all-Filipino musical — Prison Dancer: The Musical** — ay opisyal na nagbukas sa Citadel Theatre sa Edmonton noong Mayo 11 at tatakbo hanggang Mayo 28. Ito rin ay mapapanood sa 2023-24 English Theatre season ng National Arts Centre sa Ottawa mula Nobyenbre 23 hanggang Disyembre 2, 2023.

Ang NAC English Theatre artistic director na si Nina Lee Aquino, na lumaki sa Pilipinas bago mag-migrate sa Canada, ang magdidirehe ng world premiere ng Prison Dancer: The Musical sa Edmonton — isang full circle moment para sa kanya at sa co-writers ng show na sina Romeo Candido at Carmen De Jesus, na ipinapakita ang journey ng Asian creators sa Canada upang magkuwento ng makabuluhang mga istorya na sumasalamin sa kanilang mga buhay sa pinakamalaking entablado ng bansa.

Ang Prison Dancer: The Musical ay isang landmark production sa Canada: ito ang unang Filipino musical na prinodyus sa bansa, at ang mga writer, direktor, cast at producers ay pawang mga Pilipino. Ang content, isang dramatization ng mga performer na tampok sa viral sensation noong kalagitnaan ng 2000s na "The Dancing Inmates of Cebu," (bagong window) ay isa ring pagkakataon para sa Filipino creators na ikuwento ang isang Pilipinong istorya.




*Sina Renell Doneza, Byron Flores, Josh Capulong, Julio Fuentes, Daren Dyhengco at Pierre Angelo Bayuga sa produksyon ng Prison Dancer ng The Citadel Theatre.*

# Canadian musical dinala ang viral Pinoy prison 'Thriller' video sa entablado



*Isang pagtatanghal ng **Prison Dancer**, isang musical na na-inspire ng 2007 viral YouTube post, ipinalabas sa Citadel Theatre sa Edmonton ngayong taon.*

Ang **Filipino-Canadian creators** na sina Romeo Candido at Carmen De Jesus ipinalabas sa unang pagkakataon ang kanilang bagong musical na pinamagatang Prison Dancer sa Ottawa.

Na-inspire ito ng isang viral 2007 video t***ampok ang libo-libong bilanggo sa Pilipinas na sumasayaw sa kanta ni Michael Jackson na Thriller.***

That instinct bore out, because just over 15 years later, it led to ***the musical Prison Dancer*** — a fictionalized account of the 1,500 inmates of the Cebu Provincial Detention and Rehabilitation Center in the Philippines seen in the video.

After a long period of writing and pitching, it made its way to debut at Edmonton's Citadel Theatre earlier this year — and it began a month-long run at Ottawa's National Arts Centre. ***RCI***

# Niyanig ng malakas na lindol ang katimugang bahagi ng Pilipinas




**Isang malakas na lindol sa ilalim ng dagat ang yumanig sa katimugang bahagi ng Pilipinas kamakailan,** sanhi ng pagbagsak ng kisame sa mga shopping mall habang sumigaw ang mga tao. Walang agarang naiulat na nasugatan, at walang babala ng tsunami ang epektibo.

Ang magnitude 6.7 na lindol ay naganap 26 kilometro mula Burias sa katimugang bahagi ng Pilipinas, sinabi ng U.S. Geological Survey. Ang sentro ay nasa lalim na 78 kilometro, dagdag pa nito.

Ipinakita na bumagsak ang kisame ng dalawang malaking mall habang sumayaw ang mga haligi at ang mga tao ay naghiyawan sa takot. Inanunsyo ng SM City General Santos mall at Robinsons GenSan mall ang pansamantalang pagsasara. Walang naiulat na nasugatan.

Sinabi ng Malacañang na inutusan ni Philippine President Ferdinand Marcos Jr. ang mga ahensya ng gobyerno na tiyakin ang kaligtasan at well-being ng lahat ng naapektuhan ng lindol.

Ang Pilipinas ay nakakaranas ng regular na lindol at pagputok ng bulkan dahil ang lokasyon nito ay nasa Pacific Ring of Fire, isang arko ng seismic faults sa paligid ng dagat. ***RCI***



# FILIPINO-CANADIAN GRAVE DIGGER

***Noong unang dumating ang Canadian citizen na si Gene De la Cruz sa Estevan, Saskatchewan matapos lumipat mula sa Pilipinas, nagsumikap siya na makahanap ng bagong trabaho.***



Gene De la Cruz pinapatakbo ang isang Zamboni sa Estevan, Sask.

Dumating ako sa Canada para sa mas magandang oportunidad dahil naniniwala ako na ang Canada ang land of opportunities at ang mga tao na pumupunta sa bansang ito ay may mas magandang buhay sa hinaharap. Tulad ng ibang imigrante, gusto kong magkaroon ng mas mabuting buhay para suportahan ang aking pamilya, lalo na ang aking ina, ani De la Cruz. "Ako ay isang tao na nakatuon sa pamilya, ang gusto ko lang ay magkaroon ng magandang buhay ang aking pamilya."

Sa isang punto, pinasok ni De la Cruz ang apat na trabaho para kumita ng pera na ipapadala sa Pilipinas.

Noong nagpunta ako sa Canada, nagsimula akong magtrabaho sa Boston Pizza bilang cook sa loob ng tatlong taon at sa oras na nakuha ko ang aking permanent residency, nagdesisyon ako na kumuha ng pangalawang trabaho. Hindi ako nakontento sa dalawang trabaho, kaya nauwi ako sa apat na trabaho, pero ang pagkakaroon ng apat na trabaho ay hindi madali at iyon ang panahon na nagdesisyon ako na mag-apply sa Siyudad ng Estevan, ani De la Cruz.

Dahil sa kanyang pag-aapply na magtrabaho para sa lungsod ng Estevan natagpuan ni De la Cruz ang quintessential Canadian job — ang pagmamaneho ng isang Zamboni.

***Bago ko tinanggap ang posisyon wala akong anumang pormal na training sa pagmamaneho ng isang Zamboni, dahil sa Pilipinas may ice skating rinks lang kami sa loob ng mall*** - saad ni De la Cruz

Hindi ko inaasahan na maha-hire ako ng siyudad bilang custodial staff, pero pagkatapos ng isang taon, nakakuha ako ng arena technician position, ani De la Cruz. Bago ko tinanggap ang posisyon wala akong anumang pormal na training sa pagmamaneho ng isang Zamboni, dahil sa Pilipinas may ice skating rinks lang kami sa loob ng mall, pero dahil sa aking wastong training natuto ako na mag-drive at i-apply ang best techniques para i-drive ang isang Zamboni na hindi nagdudulot ng anumang pinsala sa yelo.

Bukod sa pinag-aagawang trabaho na pagmamaneho ng Zamboni, ang mga tungkulin ni De la Cruz ay ang pagme-maintain ng yelo at locker rooms at panatilihin ang temperatura ng arena sa sweet spot para sa perpektong skating conditions.



**Gene De la Cruz**
**FILIPINO_CANADIAN**

Ang pagme-maintain ng arena sa Estevan ay isang seasonal job, at bilang isang empleyado ng siyudad na nagtatrabaho sa maintenance, si De la Cruz ay inalok ng ibang trabaho para siya ay makaraos sa mas mainit na mga buwan.

Tuwing tag-init naa-assign kami na magtrabaho sa labas dahil wala masyadong trabaho sa loob ng ice rink, dahil wala ng hockey games sa tag-init, ani De la Cruz. Ako ay nagtatrabaho bilang isang parks labourer at ang trabaho. ***RCI***

# Ontario gagastos ng $18 milyon sa susunod na 3 taon para sa auto theft prevention

**Ang gobyerno ng Ontario ay gagastos ng $18 milyon sa susunod na tatlong taon para pondohan ang mga proyekto na naglalayong labanan ang auto theft o pagnanakaw ng sasakyan**, inanunsyo ni Premier Doug Ford.

Ang pera ay darating sa pamamagitan ng isang preventing auto thefts grant, ayon sa isang news release na kasama ng anunsyo. Sa pamamagitan ng grant, ang pera ay popondohan ang 21 police projects na tampok ang bago at pinagandang mga hakbang para labanan ang krimen na tina-target ang prevention, detection, analysis at enforcement ng auto thefts, ayon sa probinsya.

Inanunsyo ng Ontario ang paglikha ng grant noong Mayo, bagama't kung gaano karaming pera ang ilalaan dito ay hindi binanggit noong panahon na iyon.

Ang anunsyo ay dumating sa gitna ng tumataas na bilang ng mga ninanakaw na sasakyan sa Ontario. Sa unang kalahati ng taon, may 5,077 na behikulo ang iniulat na ninakaw sa Toronto, ayon sa probinsya. Sa buong Ontario, ang bilang ng car thefts ay 31 porsyento na mas mataas sa unang anim na buwan ng taon kumpara sa parehong period noong 2022.

Ang investments na ginagawa natin sa buong probinsya ay makakatulong sa ating pulisya na labanan ang auto theft at ilagay ang mga kriminal sa kulungan kung saan sila nabibilang, ani Ford sa kanyang pag-anunsyo sa labas ng Peel Regional Police Headquarters sa Mississauga.

## Narito ang top 10 na nakawing sasakyan sa Ontario taong 2022 :

- ***Cadillac XTS.*** • ***Fiat 500.***
- ***Ford/Lincoln Escape/Corsair***.
- ***Buick Verano.*** • ***Chevrolet Impala***. • ***Buick/Chevrolet Enclave/Traverse.***
- ***Toyota Yaris***. • ***Volvo XC60***.
- ***Nissan Micra Hatchback***.
- ***Hyundai Kona***.

**(Ulat ng RCI)**

# Pagtigil ng labanang Israel-Hamas nagsimula na, kasunod ang pagpapalaya ng hostage



**Qatari foreign ministry spokesperson Majed Al-Ansari**

***Ang pansamantalang pagtigil ng labanan sa pagitan ng Israel at Hamas*** kasama ang komprehensibong tigil-putukan sa hilaga at timog Gaza ay ilang hostage pakakawalan, sinabi ng isang tagapagsalita ng foreign ministry ng Qatar.

Ibinahagi ni Majed Al-Ansari sa mga reporter sa Doha ang listahan ng lahat ng sibilyan na pakakawalan mula sa Gaza na napagkasunduan.

Ang Qatar, kung saan naninirahan ang ilang opisyal ng Hamas, ay umakto bilang mediator sa pagitan ng naglalabang panig, kasama ang Ehipto at Estados Unidos.

Samantala, ang digmaan ay nagpapatuloy sa Gaza at patuloy na binobomba ng Israel ang enclave bilang tugon sa pag-atake ng Hamas noong Oktubre 7 na pinatay ang daang-daang sibilyan sa timog Israel.

Ang mga negosasyon sa pagpapalaya ng mga hostage ay umaabante at nagpapatuloy constantly, ani Israeli National Security Adviser Tzachi Hanegbi sa isang pahayag na naganap. Ang simula ng pagpapalaya ay magaganap ayon sa orihinal na napagkasunduan sa pagitan ng mga panig.

Ang unang tigil putukan sa loob ng pitong linggong digmaan ay kasama ang pagpapalaya sa 50 babae at batang hostages na dinukot ng mga militante ng HAmas na sumalakay sa Israel sa mga susunod na araw, kapalit ng 150 Palestinian detainees mula sa mga kulungan ng Israel.

Tinawag ni Al-Ansari ang kasunduan bilang unang kislap ng liwanag ayon sa panag-usapan. ***RCI***

# ICC pwedeng mag-imbestiga sa war on drugs - SolGen

**PILIPINAS**— Maaaring magsagawa ng imbestigasyon ang mga prosecutor ng International Criminal Court (ICC) sa bansa kaugnay ng madugong war on drugs campaign ni dating Pangulong Rodrigo Duterte.

Ayon kay Solicitor General Menardo Guevarra sa joint hearing ng House Committee on Justice at Committee on Human Rights, makakapagsagawa ng imbestigasyon ang mga tauhan ng ICC subalit nananatili umanong hindi makikipagtulungan dito ang mga ahensya ng gobyerno dahil umatras na ang Pilipinas sa Rome Statute.

"We will not cooperate, but ICC investigators are free to come and do their job here," ani Guevarra.

Pinagtibay sa pagdinig ang mga resolusyon na pag-iisahin at isusumite sa plenaryo ng Kamara upang paaprubahan sa mga miyembro.

Sa pagpasok ng mga ICC investigators, payag naman umanong makipagtulungan sa mga ito ang Commission on Human Rights kaugnay sa imbestigasyon ng extrajudicial killings.

"*We are an independent constitutionally created Commission for the promotion and protection of human rights, therefore we may and we'll be happy to cooperate if the ICC deems fit that they need assistance from the [CHR],*" sabi ni Dumarpa.

Sinabi naman nina Prosecutor Hazel Decena Valdez ng Department of Justice (DOJ), Director Janice Sanchez Rivera ng Department of Foreign Affairs (DFA) at Deputy Director PBGen. Rodolfo Castil Jr. ng Philippine National Police (PNP) na ang kani-kanilang ahensya ay susunod sa posisyon ni Pangulong Ferdinand R. Marcos Jr.

"I believe, your honor, that we have to defer to the order of our principal. In this instance, it's the President of the Philippines," ani Valdez.

"Whatever the decision of the President, the [DFA] will support it," sabi naman ni Rivera.

Samantala, sinabi ni House Deputy Speaker and Pampanga 3rd District Rep. Aurelio Gonzales Jr. na iginagalang nito ang pahayag ni Sen. Ronald dela Rosa subalit dapat din umano nitong igalang ang ginagawang pagganap ng Kamara sa mandatong ito. Isa sa mga trabaho ng Kamara ay dinggin ang mga inihahaing resolusyon ng mga kongresista. ***Pilipino Star Ngayon***




**Building of the International Criminal Court in The Hague, Netherlands.**

***Kinondena ni Senador Imee Marcos ang ilang mga mambabatas na nag-uudyok umano sa gobyerno ng Pilipinas na makipag-ugnayan sa International Criminal Court (ICC)*** para imbestigahan ang war on drugs ng administrasyon ni dating Pangulong Rodrigo Duterte.



**Senador Imee Marcos**

Sa isang panayam sinabi ni Marcos na marami umanong problema ang mga Pilipino na dapat mas pagtuunan ng pansin kaysa ang pagpapasa umano ng resolusyon para sa imbestigasyon ng ICC sa bansa.

"Sana maawa naman sila sa Pilipinas. Ang dami-dami na nating problema. Maawa naman kayo sa administrasyon. Maawa kayo sa mga PIlipinong naghihikahos, hindi makabili ng sapat na pagkaing pagkamahal-mahal, papasok pa 'yung Pasko," ani Marcos.

"Mahiya naman tayo bilang Pilipino. Ipapasa pa raw 'yung ICC resolution na pakialaman tayo ng dayuhan samantalang mga korte natin napapatunayan naman na umaandar, malaya at matibay. Bakit papapasukin pa 'yung iba? Diyan ako nagtataka," dagdag pa niya.

Matatandaan namang iginiit din kamakailan ni Bong-Bong Marcos na isa raw "court of law" ang korte ng Pilipinas, at wala umanong "jurisdiction" ang ICC sa bansa matapos payagan si dating Senador Leila de Lima na magpiyansa sa natitira nitong drug case. ***eBALITA***

# Pagpayag sa imbestigasyon ng ICC, magpapakitang walang tinatago PH – Abante

***"By allowing ICC (International Criminal Court) to come, it's telling the world na wala tayong tinatago dito."***

Ito ang pahayag ni Manila 6th district Rep. Bienvenido Abante Jr., chairman ng House Committee on Human Rights, hinggil sa usapin ng pag-imbestiga ng ICC sa madugong giyera kontra droga ng administrasyon ni dating Pangulong Rodrigo Duterte.

Matatandaang inihain kamakailan ni Abante ang House Resolution No. 1477 na naglalayong hikayatin ang administrasyon ng Pilipinas na makipagtulungan sa ICC sa imbestigasyon nito sa nangyaring war on drugs sa bansa.

"Gusto lang nating ipakita sa ICC at sa buong mundo na rin na gumagana ang ating justice system," giit ng mambabatas.

Samantala, binigyang-diin din ni Abante na bagama't dapat payagang mag-imbestiga ang ICC, hindi umano nila maaaring usigin ang sinuman sa loob ng bansa.

"They can come in and investigate and even ask questions sa family of the victims pero they cannot prosecute here," ani Abante.

Matatandaan namang inihayag ni Pangulong Ferdinand "Bongbong" Marcos Jr. kamakailan na pinag-aaralan ng pamahalaan ang posibleng pagbabalik ng bansa bilang miyembro ng ICC.

Sinabi ito ng pangulo sa kabila ng posisyon niya sa isyu na hindi raw dapat ang taga-labas ang magdedesisyon hinggil sa imbestigasyon ng war on drugs ng administrasyong Duterte.

Ayon sa mga ulat, mahigit 6,000 katao ang pinatay sa ilalim ng war on drugs ng administrasyong Duterte, kung saan inihayag naman umano ng iba't ibang international human rights organizations na nasa 12,000 hanggang 35,000 ang aktuwal na bilang ng mga nasawi dahil dito.



**Rep. Bienvenido Abante Jr**
*House Committee on Human Rights Chairman*



***'Di dapat diktahan ng taga-labas ang imbestigasyon sa drug war sa PH'*** **- PBBM**



***Mahigit 6,000 katao ang pinatay sa ilalim ng war on drugs ng administrasyong Duterte. Sabi naman ng iba't ibang international human rights organizations mga 12,000 - 35,000 ang aktuwal na bilang ng mga nasawi dahil dito.***

# Apela ni Romualdez sa retailers sa darating na Pasko: 'Follow the SRP'



Bumisita si House Speaker Martin Romualdez kasama ang Deputy Majority Leader for Communications at ACT-CIS Partylist Representative na si Erwin Tulfo sa Farmers Plaza, Quezon City nitong Lunes, Nobyembre 27.

Umapela si Romualdez sa mga retailer na sundin umano ang suggested retail price o SRP ng mga produkto sa darating na Pasko.

"Unang-una, dapat abot-kaya ang bigas at iba pang noche buena items. Dapat ang gulay tulad ng sibuyas, bawang, kamatis, repolyo at iba pa ay maaabot ng ating mga kababayan. We appeal to retailers to follow the SRP (suggested retail price)," pahayag ni Romualdez.

Ang SRP ay nagsisilbing gabay ng mga mamimili upang matiyak na tapat ang presyo ng mga produkto.

"Our primary task here is to protect people's welfare by providing them with the most affordable goods in the market," aniya.

Dagdag pa ni Romualdez: "It is a reaffirmation of our commitment to ensuring fair pricing and protecting consumers' interests by fighting hoarding and exorbitant prices."

Hinikayat niya rin ang mga supplier na doblehin ang pagde-deliver ng mga kakailanganing produkto sa "retailers", "small traders", at "market stallholders" hanggang matapos ang holiday season..

***eBALITA***

# Maagang sinimulan ang Paskong Pinoy sa bayan ng Strathmore, Alberta

**Tila maaga pa upang pag-usapan ang tungkol sa Pasko** sa umpisa ng buwan, pero hindi ito pambihira para sa mga tao sa Pilipinas na naglalagay na ng dekorasyon sa buwan ng Setyembre!

Isang Christmas tree lighting event sa bayan ng Strathmore sa Alberta ang nag-host ng Strathmore Filipino Canadian Association. Ang tree lighting event ay nagsimula ng alas-sais ng gabi sa Splash Park Pavilion.

Nakausap ng programang Calgary Opener si Annelyn Brissaw, ang presidente ng asosasyon, tungkol sa event. Ayon kay Brissaw, bukod sa tree lighting, makakarinig din ang mga dadalo ng tradisyonal at Filipino Christmas carols.

Makakatikim din sila ng libreng mainit na tsokolate at kape mula sa Flip Flop Coffee Shop at mamimigay ng mga candy cane sa mga bata.

Talagang Pasko na sa bayan ng Strathmore kung saan may humigit-kumulang 1,000 na Filipino Canadians ayon kay Brissaw. ***RCI***

# Nakalayang OFW sa Hamas, tatanggap ng lifetime benefits sa Israel government



*Pinagigitnaan si Gelienor "Jimmy" Pacheco ng dalawang Philippine officers*

**PILIPINAS** — Tatanggap ng habambuhay na benepisyo mula sa gobyerno ng Israel ang OFW na si Gelienor "Jimmy" Pacheco na kabilang sa mga pinalaya ng Hamas terror group.

Inihayag ito ni Philippine Ambassador to Israel Pedro Laylo Jr. sa kanyang social media page kamakailan matapos bisitahin ni Israel Foreign Minister Eli Cohen si Pacheco sa ospital.

Ayon kay Laylo, tatanggap si Pacheco at pamilya nito ng habambuhay na social security benefits at regular stipends gaya ng ibinibigay sa mga Israeli na biktima ng terrorist attacks.


"The Israeli government will provide Jimmy and his immediate family lifetime social security benefits and regular stipends similar to those given to Israelis who are victims of terrorist attacks," ani Laylo.

Si Pacheco ay isang caregiver sa Israel at kasama sa 24 na hinostage ng Hamas terror group nang atakehin ang isang bahagi ng Israel noong October 7, 2023.

Sinuwerteng napabilang si Pacheco sa unang batch ng hostages na pinalaya ng Hamas matapos magkasundo ang Israel at Hamas na pansamantalang ititigil ang bakbakan sa Gaza. ***Pilipino Star***




***Christmas caroling sa bayan ng Strathmore sa probinsya ng Alberta***




# Pagiging Mapagpasalamat

Ang pagiging mapagpasalamat ay napatunayan nang maraming pakinabang—sa pisikal, mental, at emosyonal. Kaya dapat itong gawing bahagi ng buhay ng bawat isa.

## Paano makabubuti sa iyo ang pagiging mapagpasa - lamat?

### ANG SABI NG SIYENSIYA SA MEDISINA

Ayon sa isang artikulo sa Harvard Mental Health Letter, "ang pagiging mapagpasalamat ay napatunayang talagang nakapagpapasaya. Nakatutulong ito para magkaroon ng positibong damdamin, masiyahan sa magagandang karanasan, bumuti ang kalusugan, maharap ang mahihirap na problema, at magkaroon ng malapit na kaugnayan sa iba."

### ANG SABI NG BIBLIYA

Hinihimok tayo ng Bibliya na maging mapagpasalamat. "Ipakita ninyong kayo ay mapagpasalamat," ang isinulat ni apostol Pablo, isang mabuting halimbawa sa bagay na ito. Halimbawa, 'pinasasalamatan niya ang Diyos nang walang lubay' dahil sa positibong pagtugon ng mga tao sa kaniyang mensahe. (Colosas 3:15; 1 Tesalonica 2:13) Ang tunay na kaligayahan ay nagmumula hindi lang sa paminsan-minsang pagsasabi ng salamat kundi sa pagiging mapagpasalamat. Tutulong ito sa atin para maiwasang magmataas, mainggit, at maghinanakit, na dahilan para layuan tayo ng iba at mawalan ng kagalakan.

Ang ating Maylalang ay nagpakita ng mabuting halimbawa sa pagiging mapagpahalaga—kahit sa mga tao! Sinasabi sa Hebreo 6:10: "Ang Diyos ay hindi liko upang limutin ang inyong gawa at ang pag-ibig na ipinakita ninyo para sa kaniyang pangalan." Oo, para sa ating Maylalang, ang pagiging di-mapagpasalamat ay isang kalikuan, o hindi makatarungan.

*"Lagi kayong magsaya. . . . Sa lahat ng bagay ay magpasalamat kayo."*—1 Tesalonica 5:16, 18.

## Paano nakatutulong ang pagiging mapagpasalamat para tumibay ang ating kaugnayan sa iba?

### ANG IPINAKIKITA NG KARANASAN

Kapag taimtim tayong nagpapasalamat—sa regalo, mabait na pananalita, o praktikal na tulong—naipadarama natin sa nagbibigay ang ating pagpapahalaga. Kahit nga mga estranghero ay natutuwa kapag pinasalamatan sila dahil sa kanilang mabait na paggawi, gaya ng pagbubukas ng pinto.

### ANG SABI NG BIBLIYA

Sinabi ni Jesu-Kristo: "Ugaliin ang pagbibigay, at ang mga tao ay magbibigay sa inyo. Ibubuhos nila sa inyong kandungan ang sukat na mainam, pinikpik, niliglig at umaapaw." (Lucas 6:38) Tingnan ang karanasan ni Rose, isang bingi na taga-Vanuatu, isang isla sa Timog Pasipiko.

Dumadalo si Rose sa Kristiyanong mga pulong ng mga Saksi ni Jehova pero hindi siya gaanong nakikinabang dahil hindi siya marunong ng wikang pasenyas pati na ang mga nasa kongregasyon. Nang bumisita sa kongregasyon ang isang mag-asawang mahusay mag-interpret ng wikang pasenyas, nalaman nila ang tungkol dito kaya pinasimulan nila ang isang klase sa wikang pasenyas. Laking pasasalamat ni Rose at sinabi, "Masaya ako dahil marami akong kaibigan na nagmamahal sa akin." Sapat nang pasasalamat para sa mag-asawang tumulong sa kaniya na makita ang kaniyang pagtanaw ng utang na loob at pakikibahagi sa mga pulong. Lubos ding pinahahalagahan ni Rose ang pagsisikap ng iba na matuto ng wikang pasenyas para makausap siya.—Gawa 20:35.

"Ang naghahandog ng



pasasalamat bilang kaniyang hain ang siyang lumuluwalhati sa [Diyos]."—Awit 50:23.

## Paano ka magiging mapagpasalamat?

**ANG SABI NG BIBLIYA**

Ang ating nadarama ay nauugnay sa ating iniisip. Ang manunulat ng Bibliya na si David ay nanalangin sa Diyos at nagsabi: "Binubulay-bulay ko ang lahat ng iyong mga gawa; kusang-loob kong itinutuon ang aking pansin sa gawa ng iyong mga kamay." (Awit 143:5) Maliwanag na pinag-isipang mabuti ni David ang mga ginawa ng Diyos para sa kaniya. Naging mapagpasalamat siya dahil lagi niyang binubulay-bulay ang mga daan ng Diyos.—Awit 71:5, 17.

Nagbibigay sa atin ng mahusay na payo ang Bibliya: 'Anumang bagay na totoo, kaibig-ibig, mabuting ulat, at kapuri-puri—patuloy na isaalang-alang ang mga bagay na ito.' (Filipos 4:8) Muli, ipinakikita ng mga salitang "patuloy na isaalang-alang" na kailangan natin ang regular na pagbubulay-bulay para maging mapagpasalamat.

"Ang pagbubulay-bulay ng aking puso ay sa mga bagay tungkol sa unawa."—Awit 49:3.

# Huwag Tayong Sumuko, Gaya ni Pedro



***"Panginoon, lumayo ka sa akin dahil makasalanan ako."***

**MAGDAMAG na nangisda sina Pedro** pero wala siyang nahuli. Pero sinabi ni Jesus sa kaniya: "Pumunta ka sa malalim, at ibaba ninyo ang inyong mga lambat para makahuli." (Luc. 5:4) Sa tingin ni Pedro, wala siyang mahuhuli. Pero sumunod pa rin siya kay Jesus. Sa sobrang dami ng isdang nahuli nila, nagsimulang mapunit ang lambat. "Mangha-mangha" si Pedro at ang mga kasama niya nang maunawaan nila na himala iyon ni Jesus. Sinabi ni Pedro: "Panginoon, lumayo ka sa akin dahil makasalanan ako." (Luc. 5:6-9) Malamang na naramdaman niyang hindi siya nararapat makasama ni Jesus.

Tama si Pedro—"makasalanan" siya. Makikita sa Kasulatan na may mga nasabi at nagawa siya na pinagsisihan niya. Nangyayari din ba iyan sa iyo? May ugali ka ba na gusto mong baguhin o kahinaan na matagal mo nang pinaglalabanan? Kung mayroon, mapapatibay ka kung pag-aaralan mo ang halimbawa ni Pedro. Bakit? Pag-isipan ito: Puwede sanang hindi na lang iniulat sa Bibliya ang mga pagkakamali ni Pedro. Pero ipinasulat ang mga iyon para matuto tayo. (2 Tim. 3:16, 17) Kapag nalaman natin ang mga pinagdaanan ni Pedro, tutulong iyon sa atin na maunawaan na hindi inaasahan ni Jehova na maging perpekto tayo. ***Gusto ni Jehovah na huwag ta-yong sumuko na patuloy tayong maglingkod kahit may mga kahinaan tayo.*** *Please visit* ***www.jw.org/tl*** *- for more info.*

# Veltman nagkasala ng 1st-degree at tangkang pagpatay sa pag-atake sa pamilyang Muslim



*Lumingon si Nathaniel Veltman sa hurado habang sinasagot niya ang mga tanong mula sa kanyang abogado na si Christopher Hicks.*

## *BABALA: Ang istoryang ito ay may mga nakakabalisang detalye*

Ang inampalan ng Ontario sa paglilitis kay Nathaniel Veltman sa Windsor ay napatunayan na siya ay nagkasala ng apat na counts ng first-degree murder at isang count ng attempted murder sa truck attack sa isang Muslim na pamilya sa London, Ontario noong 2021, isang hatol na nagbunsod ng luha at matinding reaksyon, mula sa mga tao at kaanak ng mga biktima.

Ang hurado na may 12 miyembro sa loob ng higit 10 linggo na paglilitis ay sinimulan ang kanilang deliberasyon noong Miyerkules at inilabas ang kanilang hatol Huwebes ng hapon matapos lamang ng anim na oras.

Ang pamilya Afzaal ay naglalakad lamang sa London nang sila ay sinagasaan ng isang trak — na minamaneho ni Veltman, impormasyon na parte ng napagkasunduang pahayag ng katotohanan.

Sina Yumnah Afzaal, 15, ang kanyang mga magulang na sina Madiha Salman, 44, at Salman Afzaal, 46, at lola na si Talat Afzaal, 74, ay namatay.

Isang siyam na taong gulang na lalaki ang naka-survive sa pag-atake.

Bagama't ang hatol na ito ay hindi na maibabalik ang aming mga mahal sa buhay, ito ay isang pagkilala ng sistema ng hustisya na ang may kagagawan ng karumal-dumal na krimen na ito ... ay naglalayong magtanim ng takot at terror sa ating puso, sinabi ni Tabinda Bukhari, ang ina ni Madiha Salman.

Gayunpaman, hindi lang ito isang krimen laban sa komunidad ng mga Muslim, bagkus isang pag-atake laban sa kaligtasan at seguridad ng lahat ng Canadians.***RCI***

---


## TALIBA/Flipz Media
***(Magazine & Social Media Services)***

We reserve the right to refuse sexist, racist or otherwise offensive advertising. Information has been obtained by Taliba Newspaper Canada Ltd / Flipz Media from sources believed to be reliable. However, because of the possibility of human or mechanical error by our sources, the publisher and its research staff can not guarantee the accuracy, adequacy, or completeness of any information and is not responsible for any errors or omissions or the results obtained from use of such information. The views expressed in TALIBA are those of the writers/contributors and do not represent the opinions of the editors and / or the publisher. Statements made in advertisements printed, inserted or attached to TALIBA are not endorsed in any manner whatsoever. Most texts and photos in this issue are from reliable sources gathered by our research team and staff. TALIBA/ FLIPZ MEDIA aims to strenghten the mind, body and spirit of our readers so that they may have realistic views of life and be able to cope with daily problems. We are non-political, non-religious, non-partisan, non-competitive and non-racial. We stand for truth, justice, equality and fraternity. We intend to make a difference.

***"Bringing your products & services at the forefront of digital industry."***

**ABOUT:** While maintaining a politically neutral position, it will promote positive views about Canadian cultures and heritage. Media hub that merges Filipinos to other cultures through culinary ideas, music, entertainment, business and current affairs. Provides helpful information for new immigrants concerning employment, government assistance etc. The magazine will help entrepreneurs promote their services, as well as artists showcase their talents. The magazine will provide point of contact information concerning government programs, business start-up, talent hub and charities.

**SERVICES:** Provide magazine and online social media presence while promoting business services and talents. Provide photography/ videography services for social events, weddings, portraits and starting modelling portfolio. Provide advertisement design layout including photography service for promotional purposes. Provide website design and web hosting businesses.

Advertise at **www.talibaflipzmedia.com** *or CALL* ***416-989-7336***
P.O. Box 73066 / 2300 Lawrence Ave. E. Toronto, ONT M1P 2R2

# Jelynn Dela Cruz ibinahagi ang karanasan na humubog sa kanya sa pulitika



**Jelynn Dela Cruz, 23-anyos**

Sinisimulan ni Member of Legislative Assembly (MLA) Jelynn Dela Cruz, 23-anyos at kinatawan ng Radisson sa Winnnipeg ang kanyang araw sa pag-inom ng matcha o kaya chai latte at ang paglanghap ng sariwang hangin. Baguhan man sa pulitika ng probinsya ng Manitoba ay kanyang ipinaabot na handa siya sa mga darating na hamon sa tungkulin. Sinagot ng pinakabatang babae na naging miyembro sa kasaysayan ng lehislatura ng Manitoba ang ilan sa mahahalagang tanong ngayon na nasa poder siya ng kapangyarihan.

"Lumaki ako sa isang pamilya ng [mga] imigrante, balak lang namin na 'iyuko lang ang aming ulo at gawin ang trabaho' kailanman ay hindi inasahan ng mga mahal ko sa buhay na kami ay magkaroon ng boses sa politika," sabi niya sa email na ipinadala sa Radio Canada International.

Nagtapos si Dela Cruz ng bachelor's degree sa Sociology at Psychology sa University of Manitoba.

Si Dela Cruz ang bagong upo na kinatawan ng dibisyon ng Radisson, Winnipeg, matapos talunin ang beteranong si Minister of Consumer Protection and Government Services James Teitsma sa halalan noong Oktubre 3.

***Tanong***: Paano mo pinaghandaan ang stress o kritisismo sa iyong tungkulin bilang MLA?

***Dela Cruz***: Compassion. Hindi ko kailanman ituturing na pamemersonal kung paano ako tratuhin ng iba. Meron akong degree sa Sociology at Psychology, kaya naiintindihan ko ang maraming bagay na dahilan sa ikinikilos ng isang indibidwal. Sa huli, panalo tayong lahat kapag inuunawa natin ang bawat isa.

Meron din akong personal na nakasanayan na humingi ng payo, pag-journal at ang pakipag-usap ng regular sa aking mga mahal sa buhay. Ang dahilan bakit komportable kong nagawa ang ganon'g high-profile na trabaho ay dahil tiwala ako sa mga paghahanda ko na matibay ang aking pundasyon.




## Suporta ng komunidad

Ang isyu sa health-care system ng probinsya ang isa sa mga pangunahing diskusyon at naghatid ng resulta sa komposisyon ng bagong gobyerno ng Manitoba. Ang mahabang oras na paghihintay ng Manitobans para magamot sa ospital at nagkukulang na health-care workers ang ilan sa mga mabigat na isyu na ramdam ng mga Manitobans.

Tiwala si Martin sa ipinakita umano ni Dela Cruz kahit bata pa ito at baguhan sa pulitika ng Manitoba. Inaasahan ko na tutulungan niya ang mga nasasakupan sa maraming isyu. Siya ay kusang lalabas sa mga community events para alamin ang kung ano ang nangyayari sa riding ng Raddison. Siya ay masipag na kikilos para sa stakeholders gaya ng mga pasyente, doktor, seniors at mga nurses sa health-care system, sabi ni Martin sa panayam ng Radio Canada International sa telepono.

Proud na naging Member of Legislative Assembly siya kasi isa rin sa gap dito ay walang masyadong Pilipino na pulitiko," sabi ni Leila Castro *at isa sa lider ng komunidad ng mga Pilipino sa Winnipeg*

***Siniseguro ni Dela Cruz sa mga nagtiwala sa kanya na handa siya sa bagong hamon***.

"Siniseguro ko sa kanila na ang nasasakupan ng Radisson ay may malakas na boses sa lehislatura at isinasapuso ang kanilang interes." ***RCI***



# Hindi kita malilimutan

Your loved ones are always in your hearts. That's why when they pass away, you want to ensure that they feel your love and are well taken care of until the very end.

With Pre-planning, you can prepare for this eventuality. With affordable pricing, take the opportunity today to make decisions on your own behalf, saving undue hardship for loved ones tomorrow.

Call us for a FREE Pre-Planning Kit.

Arbor Memorial

**Brampton Funeral Home & Cemetery**
10061 Chinguacousy Rd.
Brampton, ON
365-544-2696

**Burlington Memorial Gardens**
3353 Guelph Line
Burlington, ON
**Tara Mae Rusin**
647-955-9265

**Glen Oaks Funeral Home & Cemetery**
3164 Ninth Line, Oakville, ON
**Eloisa Ramos**
647-362-0958

**Glenview Memorial Gardens**
7541 Hwy #50
Woodbridge, ON
647-362-1068

**Highland Hills Funeral Home & Cemetery**
12492 Woodbine Ave.
Gormley, ON
647-362-1165

**Highland Memory Gardens**
33 Memory Gardens Lane
Willowdale, ON
647-362-1824

**Highland Funeral Home-Scarborough Chapel**
3280 Sheppard Ave. E.
Scarborough, ON
647-362-1670

**Highland Funeral Home-Markham Chapel**
10 Cachet Woods Court
Markham, ON
647-955-4825

**Pine Ridge Memorial Gardens**
541 Taunton Rd. W., Ajax, ON
**Jacqueline Tayag**
647-559-2519

**Resthaven Memorial Gardens**
2700 Kingston Rd., Scarborough, ON
**Maria Lilian Arenas**
647-955-4809

arborfilipino.ca

